# Unang pag-inom ng Triquilar28

## 1 Buksan ang pakete at pagkatapos ay tanggalin ang madikit na calendar sheet.

Pakete ▶







## 2 Inumin ang unang tableta ng Triquilar28- sa unang araw nang pagdating ng regla.

① Tanggalin ang day strip mula sa madikit na calendar sheet. Ang day strip na tatanggalin ay dapat tumutugon sa unang araw ng regla. Idikit ang day strip sa banig ng tableta kagaya nang nasa larawan sa ibaba. Itapon ang mga natira na day strip.






【Halimbawa】
Kung ang regla ay nagsimula ng Huwebes

② Alinsunod sa day strip at mga nakasulat na pana, magsimulang inumin ang light brown na tableta at sundan ito sa susunod na 28 araw ng isang tableta kada araw. Kailangang inumin ito sa parehong oras araw-araw.
Pangkaraniwan na nararanasan ang paglabas ng parang regla habang iniinom ang mga tableta sa ibabang bahagi ng banig ng tableta (medyo malaki at puting tableta)

③ Huminto man o nagtuloy ang regla, simulang inumin ang susunod na banig ng tableta pagkatapos maubos ang naunang 28 na tableta.

④ Sa pagpatuloy sa pag inom ng Triquilar28, simulan ang bagong banig ng tableta sa parehong araw ng pagsimula sa naunang banig ng tableta. Gamitin pa din ang day strip katulad ng tagubilin sa. ①.

**【Halimbawa】 Kung ang regla ay nagsimula ng Huwebes, Enero 6**

| Enero | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | Pebrero | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 木 | 金 | 土 | 日 | 月 | 火 | 水 | 木 | 金 | 土 | 日 | 月 | 火 | 水 | 木 | 金 | 土 | 日 | 月 | 火 | 水 | 木 | 金 | 土 | 日 | 月 | 火 | 水 | 木 | 金 | 土 | 日 | 月 | 火 | 水 | 木 | 金 |

▲ Sa unang araw ng regla

Lalabasan ng dugo sa panahong ito

▲ Magtuloy sa pag-inom ng gamot, simula sa bagong banig.

Inumin ang tableta (o mga tableta) sa parehong oras araw-araw (halimbawa, bago matulog)


月:Lunes, 火:Martes, 水:Miyerkules, 木:Huwebes, 金:Biyernes, 土:Sabado, 日:Linggo

## Dapat alalahanin ang mga sumusunod habang umiinom ng gamot na Triquilar28

### Kapag nakalimutang uminom ng tableta


【Halimbawa】 Kung ikaw ay uminom ng tableta pag 9:00 ng gabi araw-araw

- Kung naalala mong hindi ka nakainom ng isang tableta bago ang susunod na takdang oras ng paginom





Inumin agad ang nakaligtaang gamot kapag naalala mo.

- Kung naalala mong hindi ka nakainom ng isang tableta sa eksaktong oras ng pag-inom ng susunod mong tableta




Uminom ng dalawang tableta na binubuo ng nakalimutang tableta at isa pang bagong tableta.

- Kung nakalimot uminom ng mahigit sa isang tableta sa magkasunod na araw




Itigil pansamantala ang pag-inom ng gamot at gumamit ng ibang paraan ng contraception. Sa unang araw ng susunod na regla, magsimula ng bagong banig ng tableta. .

* Kapag nakalimutan inumin ang isa sa bahagyang malaki at maputi na mga tableta, huwag nang inumin ang nakaligtaan na tableta. Magpatuloy sa pag-inom ng susunod na tableta ayon sa schedule.

### Ang mga sumusunod na sintomas ay maaring maranasan habang nasa una at pangalawang cycle nang pag-inom.

- Bahagyang pakiramdam na naduduwal o nasusuka
- Pamamaga ng suso
- Bahagyang pagdurugo sa pagitan ng buwanang regla

Ang mga sintomas ay pangkaraniwang nawawala habang patuloy ang pag-inom ng gamot. Kung may nararamdaman na hindi maganda, magpa-konsulta sa doktor o pharmacist.

### Kung merong nararamdaman na isa sa mga sumusunod na sintomas, itigil ang gamot at magpunta agad sa ER.

- Kamay at Paa- Biglaang pananakit, pamamaga, panghihina o pamamanhid ng paa
- Dibdib- Biglang hirap o kinakapos sa paghinga o pananakit ng dibdib
- Ulo- matinding pananakit ng ulo
- Bibig–pagkabulol o hirap sa pagsasalita
- Mata- Biglaang problema sa paningin

at iba pa

### Itigil ang gamot at kumonsulta agad sa doctor kung may isa sa mga sumusunod na kondisyon o sintomas, kahit bahagya pa lang ang nararamdaman.

- Kung may nararamdaman na sintomasna maaring dahil sa nakabarang dugo sa ugat,
  Pananakit, pamamaga, pamamanhid, pamumula ng paa; , pananakit ng ulo, pagduduwal, pagsusuka, at iba pa
- Kapag hindi maigalaw ang katawan o kaya ay tumaas ang presyon, nade-dehydrate at iba pa

### Magpa-konsulta sa doktor kapag may mga sumusunod na kondisyon:

- Hindi nagkaroon ng regla sa panahon na sakop ng 7-araw na walang iniinom na gamot
- Tuloy-tuloy ang matinding pagtatae at pagsusuka
- Pag umiinom ng ibang gamot o health supplement
- Ikaw ay may mga laboratory tests
- Gusto mo na magbuntis
- May iba ka pang sintomas na nakakabagabag sa yo


Bayer Yakuhin, Ltd.

Approval Number: PP-TRIQ-JP-0030-14-04